1

# Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct (GMRC)*

Kuwarter 1

Linggo 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 7**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

.

.

**Bumuo sa Pagsusulat**




**Writer:** Joyce Orillosa
**Content Editor:** Melynda T. Andres, Joselita Gulapa, Juliet P. Quezon
**Illustrator:** Fermin M Fabella, Jr.
**Layout Artist:** Camelka A. Sandoval, Analyn T. Serrano

**Management Team**


Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pagpapahalaga sa mga yaman mula sa kapaligiran. | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga yaman na mula sa kapaligiran upang malinang ang pagiging mapagpasalamat. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yamang mula sa kapaligiran.<br>a. Nakakikilala ng mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran.<br>b. Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br>c. Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naiisa-isa ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran<br><br>Natatalakay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay nakalilinang ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang tinatamasa | Naisakikilos ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran | Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay nakalilinang ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang tinatamasa | Naipatutupad ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yaman na mula sa kapaligiran<br><br>Napatutunayan na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay nakalilinang ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang tinatamasa |
| *E. Lilinanging Pagpapahalaaga* | **Mapagpasalamat** ***(Gratitude)*** | | | |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | Sariling Pagpapahalaga sa Mga Yaman mula sa Kapaligiran | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | GMRC 1 MATATAG Curriculum Guide | | | |

<table>
<tr>
<td>B. Iba pang Kagamitan</td>
<td>Poster ng 3 Rs
<table>
<tr><td colspan="3">Ang 3 Rs<br>(Reuse, Reduce, Recycle)</td></tr>
<tr><td>Reuse</td><td>Reduce</td><td>Recycle</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Reduce Chart</td></tr>
<tr><td></td></tr>
</table>
</td>
<td> paksiw,<br>sinigang<br> pencil holder,<br>alkansiya<br> plant pot,<br>decor</td>
</tr>
</table>


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | |  | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Magandang araw sa inyong lahat. Bago tayo magsimula ay tumayo muna tayo para sa isang panalangin.<br><br>Ipakita sa mga mag-aaral ang *Junk Box*. | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Magandang araw sa inyong lahat. Bago tayo magsimula ay tumayo muna tayo para sa isang panalangin<br><br>**Balik-aral:** | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Magandang araw sa inyong lahat. Bago tayo magsimula ay tumayo muna tayo para sa isang panalangin<br><br>**Balik-aral:** | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Magandang araw sa inyong lahat. Bago tayo magsimula ay tumayo muna tayo para sa isang panalangin<br><br>**Balik-aral:**<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano ang reduce? |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tumawag ng mag-aaral upang kumuha ng isang bagay sa loob ng kahon. Isagawa ito hanggang sa maubos ang laman ng *Junk Box*.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano-ano ang mga bagay na nakuha ninyo sa loob ng kahon?<br>b. Maaari pa ba ninyong magamit ang mga nakuha ninyo sa loob ng kahon?<br>c. Paano gagamitin ang:<br>- maliit na damit?<br>- putol-putol na krayola?<br>- boteng walang laman?<br>- lumang diyaryo o magasin?<br>- lumang bag?<br>- *gift wrapper* o pambalot ng regalo?<br>4. May mga ganitong bagay din ba sa inyong bahay?<br>5. Ano ang inyong ginagawa sa mga bagay na ito? | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano ang *3Rs*?<br>b. Maaari ba kayong magbigay ng halimbawa ng mga bagay na maari pang pakinabangan?<br><br>Ipakita ang *graphic organizer*.<br><br>Ipadikit sa mga mag-aaral ang mga larawan na maaari pang gamitin muli o i-*reuse*.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano-ano ang mga nasa larawan na maaari pang gamitin muli?<br><br>b. Nakatutulong ba sa pamilya ang paggamit muli ng mga bagay sa tahanan?<br><br>c. Papaano ito nakatutulong sa pamilya? | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano ang *reuse*?<br>b. Maaari ba kayong magbigay ng halimbawa ng mga maaari pang gamiting muli?<br><br>Ipakita ang ***Reduce Chart***.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano-ano ang makikita sa *chart*?<br><br>b. Ano ang napansin ninyo sa pares ng mga larawan sa *chart*? | b. Maaari ba kayong magbigay ng halimbawa ng mga maaaring i-*reduce*?<br><br>Ipakita ito sa klase.<br> paksiw, sinigang<br> pencil holder, alkansiya<br> plant pot, decor<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>Ano ang nasa unang larawan?<br><br>Basahin ang nakasulat sa tapat ng lechon.<br>(paksiw, sinigang)<br><br>**Itanong:**<br>Bakit kaya ipinaksiw o isinigang ang lechon?<br><br>Idagdag sa sagot ng mga bata bilang pagpapaliwanag: Ang natirang lechon ay ipinaksiw o isinigang upang mapakinabangan. Ito ang isang paraan ng pag-*rerecycle*. |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | **Itanong:**<br>Ano naman ang nasa ikalawang larawan?<br><br>Basahin ang nakasulat sa tapat ng lata ng gatas. (pencil holder, alkansiya)<br><br>Idagdag sa paliwanag:<br>Ang lata ng gatas kung lalagyan ng disenyo ay maaaring maging lalagyan ng mga *ball pen* at lapis o *pencil holder*. Maaari rin itong gawing alkansiya. Ito rin ay halimbawa ng pag-*rerecycle*.<br><br>**Itanong:**<br>Ano naman ang ikatlong larawan?<br><br>Basahin ang nakasulat sa tapat ng larawan. (*flower pot* at *décor*)<br><br>Idagdag sa paliwanag:<br>Ang basyo ng *mineral water* ay pwedeng gawing taniman ng halaman o pandekorasyon. Maaari itong pinturahan. Ito rin ay paraan ng pag-*rerecycle*.<br><br>Maraming bagay at kagamitan pa ang maaaring i-*recycle*. Magpasalamat tayo sa pagturo sa atin ng *3Rs*. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahang inyong:<br>• maiisa-isa ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran; at<br>• matatalakay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay nakalilinang ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang tinatamasa | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahang inyong:<br>• maisakikilos ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahang inyong:<br>• maiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay nakalilinang ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang tinatamasa | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahang inyong:<br>• maipatutupad ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yaman na mula sa kapaligiran<br>• mapatutunayan na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay nakalilinang ng pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang tinatamasa |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br>a. ***reuse*** – Ito ay ang muling paggamit ng isang bagay o kagamitan.<br>b. ***reduce*** – Ito ay ang pagbabawas o pagpapaunti ng pagbili ng maliliit na bagay o gamit sa bahay. *Halimbawa:* Iwasan ang pagbili ng shampoo sa *sachet*, sa halip ay bumili ng nasa bote.<br>c. ***recycle*** – Ito ay ang pag-aayos ng isang bagay mula sa patapong bagay upang magamit muli. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br>a. ***reuse*** – Ito ay muling paggamit ng isang bagay o kagamitan<br>b. **kapakipakinabang –** magkaroon ng halaga<br>**c. malikhain –** mapamaraan | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br>**a. *reduce*** – Ito ay ang pagbabawas o pagpapaunti ng pagbili ng maliliit na bagay o gamit sa bahay.<br>*Halimbawa:* Iwasan ang pagbili ng shampoo sa *sachet*, sa halip ay bumili ng nasa bote. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang salita upang mas maunawaan ang ating aralin.<br>**a. *recycle*** – Ito ay ang pag-aayos ng isang bagay mula sa patapong bagay upang magamit muli. |

| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipakita sa klase ang tsart ng 3Rs.<br><br>**Itanong:**<br>Ano-anong mga larawan ang makikita sa bawat hanay?<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>May mga bagay o kagamitan sa ating bahay at kapaligiran na maaari pang magamit.<br><br>Magandang magamit ang mga bagay na ito upang tayo ay makatipid. Halimbawa, ang maliliit na damit ay maaaring ipagamit sa mas maliliit na kasapi ng pamilya. Ang mga lata ng gatas o basyo ng inumin ay maaaring pagtaniman ng halaman.<br><br>May mga bagay naman na kaysa itapon ay gamitin muli gaya ng *sando bag*, pambalot ng regalo, at lumang magasin o diyaryo. Malaki ang matitipid natin kung ito ay ating isasagawa. Makatutulong din tayo sa pangangalaga ng ating kapaligiran.<br><br>Ang tawag sa mga pamamaraang ito ay ***reuse*, *reduce*,** at ***recycle*** o ***3Rs*.**<br><br>Hindi lamang mga likha ng Diyos ang ating dapat ipagpasalamat. Ang mga kagamitan sa ating paligid na gawa ng tao ay dapat din ipagpasalamat. Pasalamatan din | Ipaskil sa pisara ang salita.<br><br>**reuse**<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Maraming bagay sa tahanan ang maaaring i-*reuse* o gamitin muli.<br><br>Ang mga damit ay maaaring gawing punda ng unan o basahan.<br><br>Ang pantalon ay maaaring gawing shorts.<br><br>Ang mga *t-shirt* ay maaaring gawing sando.<br><br>Ang mga *tarpaulin* ay maaaring gawing panakip sa bintana lalo kung umuulan o mainit.<br><br>Ang mga basag na pinggan o baso ay maaaring ilagay sa pader upang hindi maakyat ng masasamang tao ang bakod.<br>Ang mga *sando bag* ay maaaring paglagyan ng basura.<br><br>Maging malikhain upang magamit ang mga lumang bagay para maging kapaki- | Isulat sa pisara ang salita.<br><br>**reduce**<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salitang *reduce* gamit ang mga pares ng larawan sa *chart*.<br><br>Ipaliwanag din na mainam makaugalian ang pag-*rereduce* upang makatipid.<br><br>Sabihin na pasalamatan natin ang mga guro at iba pang tao na nagturo sa atin kung paano tayo makatitipid sa pamamagitan ng pag-*rereduce*. | Ipakita ang salitang **RECYCLE** at ipaliwanag ito.<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Hindi lamang gamit o bagay ang maaaring i-*recycle*, maging ang sobrang pagkain tulad ng nilagang itlog na pwedeng gawing palaman na dadagdagan lamang ng *mayonnaise*. Ang pritong isda ay maaaring samahan ng ginisang kamatis at may iba ng klase ng putahe.<br><br>Maging malikhain at magpasalamat tayo sa mga biyaya sa atin.<br><br>Matututo tayong magtipd sa pamamagitan ng *3Rs*. Makatutulong din tayo sa pangangalaga sa ating yaman na kaloob ng Diyos. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | natin ang mga tao na nakaisip ng pamamaraan upang ang mga lumang bagay at kagamitan ay ating muling magamit. | pakinabang. Malaking tulong sa pamilya ang *reuse*. Ito ay isang paraan ng pagtitipid.<br><br>Atin ding pasalamatan ang mga nakaisip ng pag-reuse ng mga gamit sa ating paligid. | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Pangkatang Gawain**<br>1. Maghahanda ang guro ng mga larawan ng mga bagay na pwede pang gamitin muli *(reuse)*, maaaring bilhin ng maramihan upang makatipid *(reduce)*, maaaring gamitin muli na mga patapong bagay (*recycle)*.<br><br>2. Pangkatin sa tatlo ang klase at bigyan ng panuto<br><br>*Unang Pangkat* – Pagpili ng mga larawan ng mga bagay na maaari pang gamitin muli *(reuse)*<br><br>*Ikalawang Pangkat* – Pagpili ng mga larawan ng mga bagay na maaaring bilhin ng maramihan upang makatipid *(reduce)*<br><br>*Ikatlong Pangkat* - Pagpili ng mga larawan ng mga bagay na maaaring i-*recycle*. | **Pang-isahang Gawain**<br><br>Panuto: Gumuhit sa inyong sagutang papel ng isang bagay na ginagamit sa paaralan na maaari pang gamitin o i-*reuse*. | **Gawain ng Para sa Buong Klase**<br><br>*Tala sa guro:*<br>Maghanda ng *chart* na tulad ng nasa ilalim. Ipapaskil ito sa pisara. Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot sa gawaing ito.<br><br>Ipaliwanag ang panuto:<br><br>**Panuto:** Piliin kung aling larawan ang nagpapakita ng pag-*rereduce*. Isulat sa inyong sagutang papel ang bilang ng larawan.<br><br> 1. \|  2. | **Pang-isahang Gawain**<br><br>Panuto: Sa isang *bond paper* o malinis na papel, gumuhit ng isang bagay o kagamitan sa inyong tahanan na maaaring i-*recycle*. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | |  | |
| *.Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano-anong mga larawan ang pinili ng unang pangkat? Ikalawang pangkat? Ikatlong pangkat?<br><br>b. Bukod sa mga nasa larawan, magbigay pa ng mga bagay na maaring bilhin upang makatipid o maka-*reduce*?<br><br>c. Sa inyong bahay, ano-ano ang inyong ni-*rerecycle*?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano ang iyong iginuhit?<br><br>b. Paano mo ito magagamit muli o i-*reuse*?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano-anong mga larawan ang nagpapakita ng pag-*rereduce*?<br>b. Dapat bang ugaliin ang pag-*rereduce*? Bakit?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano ang *recycle*?<br><br>b. Mabuti bang ugaliin ang pag-*rerecycle*? Bakit? |

<table>
<tr><th colspan="5">Pagkatapos Ituro ang Aralin</th></tr>
<tr>
<td>Paglalapat at Paglalahat</td>
<td>Itanong sa mga mag-aaral:<br>a. Ano ang 3Rs?<br><br>b. Mahalaga bang matutuhan ang 3Rs? Bakit?</td>
<td>Itanong sa mga mag-aaral:<br>a. Ano ang reuse?<br><br>b. Dapat bang ugaliin ang pag-reuse? Bakit?</td>
<td>Itanong sa mga mag-aaral:<br>a. Ano ang reduce?<br><br>b. Makatutulong ba ang pag-rereduce?<br><br>c. Bilang isang Grade 1 na mag-aaral, aling gamit pampaaralan ang maaari mong i-reduce?</td>
<td>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Magbigay ng halimbawa ng kagamitan o bagay na maaaring i-recycle.</td>
</tr>
<tr>
<td>Pagtataya ng Natutuhan</td>
<td>Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa pagtataya.<br><br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang bilang ng larawan na nasa kahon na halimbawa ng salita na nakasulat sa hugis parihaba.<br><br><br><br> 1.<br><br>2. </td>
<td>Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa pagtataya.<br><br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang TAMA kung ang pangungusap ay tama at MALI kung hindi.<br><br>1. Ang reuse ay ang paggamit muli ng mga bagay upang mapakinabangan.<br><br>2. Ang reuse ay pagbili ng maramihan upang makatipid.<br><br>3. Ang papel ay maaari pang gamiting muli.<br><br>4. Hindi na maaaring gamitin muli ang maliliit na damit.</td>
<td>Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa pagtataya.<br><br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang TAMA kung ang pangungusap ay tama at MALI kung hindi.<br>1. Patayin ang electric fan kung aalis o hindi na gagamitin.<br><br>2. Gumamit ng timba at tabo kapag naliligo.<br><br>3. Lukutin ang papel kapag nagkamali sa pagsulat at palitan ito ng wala pang sulat.<br><br>4. Maglaro ng gadget habang nanonood sa telebisyon.</td>
<td>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Para sa pagtatapos ng ating aralin, tayo ay tumayo at manalangin. Ulitin ang aking sasabihin.<br><br>Panalangin:<br>Salamat po O Diyos<br>Sa mga biyayang kaloob<br>Sa pagkatuto ng 3Rs<br>Asahan po Ninyo na gagawin ko ang mga ito upang maingatan ko ang kapaligiran at biyayang kaloob Ninyo.<br><br>Amen.</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3.  4. <br>5.  6. <br><br>Susing sagot:<br>Papel: 1, 4<br>Metal: 3, 5<br>Plastik: 2, 6 | 5. Malaking tulong ang *3Rs* sa pag-iingat at pangangalaga ng yaman sa ating kapaligiran. | 5. Isagawa ang *3Rs* upang tularan tayo ng iba. | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | Maaring ipasulat ang maikling panalangin. |
| *Mga Tala* | Mga Paalala:<br><br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br><br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin. | Mga Paalala:<br><br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br><br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin. | Mga Paalala:<br><br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br><br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin | Mga Paalala:<br><br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br><br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. |
| *Repleksiyon* | Bilang guro:<br>Natutuhan ko na ____________<br>Nabatid/narealize ko na_________<br>Nadama ko na________________<br>Nagpasya ako na bigyang tuon ang<br>______________________________ | Bilang guro:<br>Natutuhan ko na _________<br>Nabatid/narealize ko na______<br>Nadama ko na___________<br>Nagpasya ako na bigyang tuon ang ________________ | Bilang guro:<br>Natutuhan ko na ________<br>Nabatid/narealize ko na______<br>Nadama ko na__________<br>Nagpasya ako na bigyang tuon ang ______________ | Bilang guro:<br>Natutuhan ko na __________<br>Nabatid/narealize ko na_________<br>Nadama ko na____________<br>Nagpasya ako na bigyang tuon ang ________________ |

Inihanda ni: Nirebyu ni: Pinagtibay ni:

__________________________ Guro

__________________________ Master Teacher / Head Teacher

__________________________ School Head